CALIFORNIA
DEPARTMENT OF
EDUCATION

**JACK O'CONNELL**
STATE SUPERINTENDENT OF PUBLIC INSTRUCTION

Hulyo 1, 2010

Mahal na Magulang/Tagapangalaga:

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng California (California Department of Education, CDE) ay humihiling ng inyong paglahok sa isang taunang survey o pagkuha ng impormasyon na Espesyal na Edukasyon, Pagiging Kabakas ng mga Magulang (Special Education, Partnering with Parents) na idinisenyo upang magkaloob sa estado ng impormasyon tungkol sa kung gaano kahusay na sumusuporta ang mga paaralan sa paglahok ng mga magulang sa edukasyon ng kanilang anak. Ang mga pang-estado, lokal na ahensiya, at mga organisasyon ng magulang ay magkakaroon ng daan sa paggamit ng mga datos ng sagot ng magulang batay sa rehiyon. Ang impormasyong ito ay makakatulong sa pagpapasiya ng maaaring maging nilalaman para sa pagsasanay ng magulang/propesyonal. Ang mga indibidwal na sagot ay kompidensiyal at ang mga pangalan ay hindi lilitaw sa anumang mga ulat maliban kung tuwiran ninyong isinama ang mga ito sa loob ng mga karagdagang komentaryo.

Maaari ninyong kumpletuhin ang pagkuha ng impormasyon online sa www4.scoe.net/pwps sa Ingles o Kastila o i-download at ilimbag ang papel na bersiyon sa Ingles, Kastila, Tsino, Hmong, Ruso, Biyetnamis, Koreano, Tagalog, at Arabiko.

Nakipagkontrata ang CDE sa  Proyektong Sumusuportang mga Sistema ng Paghahatid ng Maagang Edukasyon (Supporting Early Education Delivery Systems, SEEDS) upang matanggap ang mga kinumpletong survey at tipunin ang mga datos. Ang kabuuang mga datos ng sagot ay makukuha sa Website ng SEEDS sa www.scoe.net/seeds. Mangyaring ipadala ang kinumpletong papel ng mga survey kay:

Robin Ryan
Supporting Early Education Delivery Systems
Sacramento County Office of Education
P.O. Box 269003
Sacramento, Ca 95826-9003

Tandaan na magsumite ng isa lamang survey kada estudyante, alinman sa papel na bersiyon o ang online form. Hinihimok namin kayo na kumpletuhin ang survey sa pinakamaagang panahon na magagawa, pero hindi lalampas sa **Hunyo 30, 2011.** Salamat po sa inyong tulong!

Matapat,

Fred Balcom, Direktor
Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon

Tagalog

**Kagawaran ng Edukasyon ng California, Espesyal na Edukasyon**

# Pagkuha ng Impormasyon Tungkol sa Pagiging Kabakas ng mga Magulang

*Ito ay isang pagkuha ng impormasyon para sa mga magulang ng mga estudyanteng tumatanggap ng mga serbisyong espesyal na edukasyon. Ang iyong mga sagot ay tutulong na patnubayan ang mga pagsisikap na pabutihin ang mga serbisyo at resulta para mga bata at mga pamilya. Para sa bawat pahayag sa ibaba, piliin lamang ang isa sa mga sumusunod na sagot: Napakalakas na kumokontra, malakas na kumokontra, kumokontra, sumasang-ayon, malakas na sumasang-ayon, napakalakas na sumasang-ayon. Sa pagsagot sa bawat pahayag, isipin ang tungkol sa iyong karanasan at sa karanasan ng iyong anak sa espesyal na edukasyon sa nakalipas na taon. Maaari mong laktawan ang anumang aytem na nadarama mong hindi angkop sa iyo o sa iyong anak.* ***Pakibigay ang impormasyon tungkol sa iyong anak at kumpletuhin ang Seksyon 1 ng pagkuha ng impormasyon. Iniimbitahan ka namin na kumpletuhin ang mga karagdagang seksyon upang higit kaming matulungan na malaman ang iyong karanasan.***

**Distrito:**

**Paaralan na pinapasukan ng iyong anak:**

**County kung saan naninirahan ang iyong anak:**

**Zip code kung saan naninirahan ang iyong anak:** **Petsa ngayon:**

○ Ang aking anak ay kasalukuyang tumatanggap ng mga serbisyong espesyal na edukasyon sa pamamagitan ng isang programa ng opisina ng edukasyon ng county.

**Pangunahing Pagkakaiba / Kapansanan** (Isa lamang ang markahan)

- ○ Autismo
- ○ Pagkabingi-pagkabulag
- ○ Pagkabingi
- ○ Maraming Kapansanan
- ○ Kaguluhan ng Damdamin
- ○ Pinsala sa Pandinig
- ○ Kapansanang Pang-isip/ Pagkaantala ng Isip (Mental Retardation)
- ○ Pinsala sa Buto
- ○ Ibang Pinsala sa Kalusugan
- ○ Partikular na Kapansanan sa Pag-aaral
- ○ Pinsala sa Pagsasalita o Wika
- ○ Traumatikong Pinsala sa Utak
- ○ Pinsala sa Paningin kabilang ang Pagkabulag

**Bahagi A:** Etnisidad ng Bata-Ang estudyante bang ito ay Hispaniko o Latino? (Isa lamang ang piliin)

○ Hindi, hindi Hispaniko o Latino ○ Oo, Hispaniko o Latino

Ang itaas na bahagi ng tanong ay tungkol sa etnisidad, hindi lahi. Anuman ang piliin mo sa itaas, patuloy na sagutin ang mga sumusunod sa pamamagitan ng pagmarka sa isa o higit na mga kahon upang ipabatid ang itinuturing mong lahi ng estudyante.

**Bahagi B:** Lahi ng Bata-Ano ang lahi ng estudyanteng ito? (Pumili ng isa o higit)

- ○ **Amerikanong Indiyan o Katutubong Taga-Alaska**
- ○ **Itim o Aprikano Amerikano**
- ○ **Puti**

**Asyano**

- ○ Tsino
- ○ Hapon
- ○ Koreano
- ○ Asyanong Indiyan
- ○ Biyetnamis
- ○ Laotian
- ○ Cambodian
- ○ Filipino
- ○ Hmong
- ○ Ibang Asyano

**Katutubong Hawayano o Ibang Taga-Isla Pasipiko**

- ○ Hawayano
- ○ Guamanian
- ○ Samoan
- ○ Tahitian
- ○ Ibang Taga-Isla Pasipiko

**Pangunahing wika ng iyong anak:**

**Edad ng iyong anak noong unang inirekomenda sa Early Intervention (Maagang Pamamagitan) o Espesyal na Edukasyon:**

**Baitang ng iyong anak:** ________ **Edad ng iyong anak:** ________

## SEKSYON 1: Mga Pagsisikap ng Paaralan na Gawing Kabakas ang mga Magulang

| | | Napakalakas na Sumasang-ayon | Malakas na Sumasang-ayon | Sumasang-ayon | Kumokontra | Malakas na Kumokontra | Napakalakas na Kumokontra |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1.1 | Ako ay itinuturing na kapantay na kabakas ng mga guro at ibang mga propesyonal sa pagpaplano ng programa ng aking anak. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.2 | Ang distrito ng paaralan ay nagsasagawa ng mga pampublikong pulong upang magtipon ng mga ideya tungkol sa mga serbisyong espesyal na edukasyon. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.3 | Sa pulong ng IEP, tinalakay namin kung paano lalahok ang aking anak sa mga pambuong-estadong pagtaya. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |

## SEKSYON 1: Mga Pagsisikap ng Paaralan na Gawing Kabakas ang mga Magulang (ipinagpapatuloy)

| | | Napakalakas na Sumasang-ayon | Malakas na Sumasang-ayon | Sumasang-ayon | Kumokontra | Malakas na Kumokontra | Napakalakas na Kumokontra |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1.4 | Sa pulong ng IEP, tinalakay namin ang mga kaluwagan at pag-aakmang kakailanganin ng aking anak. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.5 | Lahat ng aking mga inaalala at rekomendasyon ay nakadokumento sa IEP. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.6 | Ang nakasulat na pagbibigay-katwiran ay ibinigay para sa pagkakataon na hindi tatanggap ang aking anak ng mga serbisyo sa regular na silid-aralan. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.7 | Binigyan ako ng impormasyon tungkol sa mga organisasyon na nag-aalay ng suporta para sa mga magulang ng mga estudyanteng may mga kapansanan. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.8 | Ako ay hiningan ng aking opinyon tungkol sa kung gaano kahusay na natutugunan ng mga serbisyong espesyal na edukasyon ang mga pangangailangan ng aking anak. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.9 | Ang ulat ng pagtaya sa aking anak ay nakasulat sa mga salitang naiintindihan ko. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.10 | Ang nakasulat na impormasyon na natatanggap ko ay isinulat sa paraang madaling maintindihan. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.11 | Ang mga guro ay nakahandang makipag-usap sa akin. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.12 | Tinatrato ako ng mga guro na isang miyembro ng pangkat. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| **Ang mga guro at tagapangasiwa...** | | | | | | | |
| 1.13 | - ay humihingi ng ideya ng magulang. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.14 | - ay nagpapakita ng pagiging maunawain sa mga pangangailangan ng mga estudyanteng may mga kapansanan at kanilang mga pamilya. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.15 | - ay humihimok sa akin na lumahok sa proseso ng paggawa ng desisyon. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.16 | - ay gumagalang sa aking minanang kultura. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.17 | - ay tumitiyak na lubos na naiintindihan ko ang mga Pananggalang na Pamamaraan [ang mga tuntunin sa pederal na batas na nagpoprotekta sa mga karapatan ng mga magulang]. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| **Ang paaralan...** | | | | | | | |
| 1.18 | - ay may isang tauhan na nakahandang sagutin ang mga tanong ng mga magulang. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.19 | - ay palagiang nakikipag-ugnayan sa akin tungkol sa pagsulong ng aking anak sa mga hangarin ng IEP. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.20 | - ay nagbibigay sa akin ng mga mapagpipilian tungkol sa mga serbisyong tumutugon sa mga pangangailangan ng aking anak. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.21 | - ay nag-aalay sa mga magulang ng pagsasanay tungkol sa mga isyu sa espesyal na edukasyon. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.22 | - ay nag-aalay sa mga magulang ng iba't ibang paraan upang makipag-ugnayan sa mga guro. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.23 | - ay nagbibigay sa mga magulang ng tulong na maaaring kailanganin nila upang gumanap ng aktibong tungkulin sa edukasyon ng kanilang anak. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.24 | - ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga ahensiya na makakatulong sa aking anak sa paglipat mula sa paaralan. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 1.25 | - ay nagpapaliwanag ng mga mapagpipilian ng mga magulang kung kumokontra sila sa isang desisyon ng paaralan. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |

**Mga Komentaryo**

**Pumunta sa kasunod na pahina**

## SEKSYON 2: Kalidad ng mga Serbisyo

| | | Napakalakas na Sumasang-ayon | Malakas na Sumasang-ayon | Sumasang-ayon | Kumokontra | Malakas na Kumokontra | Napakalakas na Kumokontra |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 2.1 | Ang IEP ng aking anak ay sumasakop sa lahat ng mga angkop na bahagi ng pag-unlad ng aking anak. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.2 | Ang IEP ng aking anak ay nagsasabi kung paano susukatin ang pagsulong sa mga hangarin. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.3 | Ang aking anak ay tinuturuan sa mga regular na klase, may mga suporta, hanggang angkop na magagawa. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.4 | Ang paglahok ng aking anak sa mga pagtaya ng distrito at pambuong-estado ay angkop. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.5 | Ang aking anak ay tumatanggap ng lahat ng mga suportang nakadokumento sa kanyang plano sa paglipat. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| **Ang mga guro...** | | | | | | | |
| 2.6 | - ay may sapat na kaalaman at propesyonal. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.7 | - ay nakakaunawa sa mga pangangailangan ng aking anak. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.8 | - ay nakakaunawa sa kanilang tungkulin sa pagpapatupad ng IEP ng aking anak. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.9 | - ay nagpapakita ng kahandaan na makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga pangangailangan ng aking anak. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.10 | - ay nagtatatag ng mga angkop na hangarin para sa aking anak. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.11 | - ay umaasa na magtatagumpay ang aking anak. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.12 | - Ang mga guro ng espesyal na edukasyon ay gumagawa ng mga kaluwagan at pag-aakma gaya ng ipinababatid ng IEP ng aking anak. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.13 | - Ang mga guro ng espesyal na edukasyon ay gumagawa ng mga kaluwagan at pag-aakma gaya ng ipinababatid ng IEP ng aking anak. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.14 | - Ang mga guro ng pangkalahatang edukasyon at espesyal na edukasyon ay magkakasamang nagtatrabaho upang matiyak na ang IEP ng aking anak ay ipinatutupad. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.15 | - Ang pagtuturong ipinagkakaloob sa mas matandang mga estudyante ay angkop para sa kanilang edad. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| **Mga tagapangasiwa** | | | | | | | |
| 2.16 | Ang punong-guro ay nagtatatag ng isang nakabubuti at malugod na tumatanggap na tono sa paaralan. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.17 | Ginagawa ng punong-guro ang lahat ng magagawa upang suportahan ang mga angkop na serbisyong espesyal na edukasyon sa paaralan. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.18 | Tinataya ng paaralan o distrito kung ang mga serbisyong espesyal na edukasyon ay mabisa. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| **Ang paaralan...** | | | | | | | |
| 2.19 | - ay isang mapagkaibigang lugar. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.20 | - ay nagkakaloob ng mga serbisyo sa aking anak sa tamang oras. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.21 | - ay nagkakaloob sa aking anak ng lahat ng mga serbisyong nakadokumento sa IEP ng aking anak. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.22 | - ay humihimok ng paglahok ng mga estudyante sa pagpaplano ng paglipat. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.23 | - ay nagkakaloob sa mga guro at mga tauhan ng pagsasanay na pabutihin ang kanilang komunikasyon sa mga magulang. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.24 | - ay nag-aalay sa mga estudyanteng walang mga kapansanan, at sa kanilang mga pamilya, ng mga pagkakataon na malaman ang tungkol sa mga estudyanteng may mga kapansanan. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 2.25 | - ay tumitiyak na ang mga gawain pagkalabas ng silid-aralan o ekstrakurikular ay nalalahukan ng mga estudyanteng may mga kapansanan. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |

**Mga Komentaryo**

**Pumunta sa kasunod na pahina**

## SEKSYON 3: Epekto ng mga Serbisyong Espesyal na Edukasyon sa Iyong Pamilya

| | | Napakalakas na Sumasang-ayon | Malakas na Sumasang-ayon | Sumasang-ayon | Kumokontra | Malakas na Kumokontra | Napakalakas na Kumokontra |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Sa nakalipas na taon, ang mga serbisyong espesyal na edukasyon ay nakatulong sa akin at/o aking pamilya na...** | | | | | | | |
| 3.1 | - lumahok sa mga pangkaraniwang gawain para sa mga bata at mga pamilya sa aking komunidad. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.2 | - malaman ang tungkol sa mga serbisyo sa komunidad. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.3 | - pabutihin ang kalidad ng buhay ng aking pamilya. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.4 | - malaman kung saan pupunta para sa suporta upang matugunan ang mga pangangailangan ng aking anak. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.5 | - malaman kung saan pupunta para sa suporta upang matugunan ang mga pangangailangan ng aking pamilya. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.6 | - makakuha ng mga serbisyong kailangan ng aking anak at pamilya. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.7 | - madamang mas nagtitiwala sa aking kasanayan bilang isang magulang. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.8 | - mapanatili ang mga pakikipagkaibigan para sa aking pamilya at pamilya. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.9 | - gumawa ng mga pagbabago sa mga palagiang ginagawa na pakikinabangan ng aking anak na may mga espesyal na pangangailangan. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.10 | - maging mas mabisa sa pamamahala ng asal ng aking anak. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.11 | - gumawa ng mga gawain na mabuti sa aking anak kahit na sa mga panahon ng tensiyon. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.12 | - madama na makukuha ko ang mga serbisyo at suporta na kailangan ng aking anak at pamilya. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.13 | - maintindihan kung paano gumagana ang sistema ng espesyal na edukasyon. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.14 | - magawang tayahin kung hanggang saan ang nagagawang pagsulong ng aking anak. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.15 | - madama na ang aking anak ay tatanggapin at ikalulugod sa komunidad. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.16 | - madama na ang aking pamilya ay tatanggapin at ikalulugod sa komunidad. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.17 | - makipag-ugnayan nang mas mabisa sa mga taong nagtatrabaho para sa aking anak at pamilya. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.18 | - maintindihan ang mga tungkulin ng mga taong nagtatrabaho para sa aking anak at pamilya. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.19 | - alamin ang tungkol sa mga karapatan ng aking anak at pamilya tungkol sa mga serbisyong espesyal na edukasyon. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.20 | - gawin ang mga bagay na kasama ng at para sa aking anak na mabuti sa pag-unlad ng aking anak. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.21 | - maintindihan ang mga espesyal na pangangailangan ng aking anak. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |
| 3.22 | - madama na ang aking mga pagsisikap ay nakatutulong sa aking anak. | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ | ◯ |

**Mga Komentaryo**

**Pumunta sa kasunod na pahina**

## SEKSYON 4: Paglahok ng Magulang

| | | Lagi | Halos Lagi | Madalas | Paminsan-minsan | Bihira | Hindi Kailanman |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 4.1 | Lumalahok ako sa mga gawain sa pag-aaral kasama ng aking anak sa bahay. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.2 | Kinakausap ko ang aking anak tungkol sa kanyang natututuhan sa paaralan. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.3 | Sinasabi ko sa aking anak na mahalagang maging mahusay ang pagganap sa paaralan. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.4 | Kinakausap ko ang anak tungkol sa kanyang mga nakatalagang araling-bahay. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.5 | Binabasa ko ang materyal na ipinadadala sa akin ng paaralan. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.6 | Pinahahalagahan ko ang sinasabi ng paaralan tungkol sa aking anak. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.7 | Pinahahalagahan ko ang mga pagsisikap ng paaralan na matugunan ang mga pangangailangan ng aking anak. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.8 | Nakikipag-ugnayan ako sa (mga) guro ng aking anak sa pamamagitan ng telepono o email o mga sulat. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.9 | Nakikipagpulong ako sa (mga) guro ng aking anak upang planuhin ang programa at mga serbisyo ng aking anak. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.10 | Nakikipagpulong ako sa (mga) guro ng aking anak upang talakayin ang mga pangangailangan o pagsulong ng aking anak. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.11 | Sinasabi ko agad sa mga tauhan ng paaralan kung may inaalala ako tungkol sa aking anak. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.12 | Nagmumungkahi ako ng mga pagbabago sa mga programa o serbisyo ng paaralan na sa palagay ko ay pakikinabangan ng mga estudyanteng may mga kapansanan. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.13 | Naiintindihan ko ang mga hamon na dapat mapagtagumpayan ng mga paaralan upang matugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng mga bata. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.14 | Lumalahok ako sa mga gawain na itinataguyod ng paaralan. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.15 | Lumalahok ako sa PTA (Parent Teacher Association) o PTO (Parent Teacher Organization) ng paaralan. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.16 | Ako ay bahagi ng isang komiteng nagpapayo sa paaralan. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.17 | Ako ay bahagi ng isang komite sa espesyal na edukasyon sa antas ng distrito. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.18 | Ako ay bahagi ng isang komite sa espesyal na edukasyon sa antas ng estado. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.19 | Ako ay lumalahok sa isang organisasyon para sa mga magulang ng mga batang may mga kapansanan. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.20 | Ako ay dumadalo sa mga sesyon sa pagsasanay na may kaugnayan sa mga pangangailangan ng mga batang may mga kapansanan at kanilang mga pamilya. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.21 | Nakakakuha ako ng impormasyon mula sa mga pinagkukunan na iba sa paaralan tungkol sa mga nakahandang serbisyo. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.22 | Sinusundan ko ang mga pagbabago sa mga pederal at pang-estadong batas na nakakaapekto sa espesyal na edukasyon. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| 4.23 | Nagtatrabaho akong kasama ng iba upang pabutihin ang sistema ng espesyal na edukasyon. | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |

**Mga Komentaryo**

Mangyaring ipadala ang kinumpletong papel ng pagkuha ng impormasyon sa:

Robin Ryan
Supporting Early Education Delivery Systems
Sacramento County Office of Education
P.O. Box 269003 Sacramento, CA 95826-9003